

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-2 ng Agosto 2021

# IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

## Mas kaunting pagbuti sa mga kundisyon ng pagpapatakbo noong Hulyo

### Key findings

Bumagsak nang bahagya ang dami ng output at bagong order

Nananatiling mataas ang inflation ng presyo ng input

Bumuti ang pananaw sa pinakamataas na naitala sa loob ng apat na buwan sa gitna ng mga pagsisikap sa pagbabakuna

Ang data ng Hulyo 2021 ay nakolekta noong 12-23 Hulyo 2021.

Nagpakita lang ang pinakabagong data ng bahagyang expansion sa mga kundisyon sa pagpapatakbo sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas, kung saan nagpatuloy noong Hulyo ang mga pagbagsak ng output at bagong order. Kaugnay nito, bumagal ang pagbabawas ng trabaho sa pinakamabagal magmula noong Marso, samantalang patuloy na nagdaragdag ang mga kumpanya sa kanilang mga hawak na imbentaryo bago at pagkatapos ng produksyon bilang paghahanda sa mas malaking demand. Samantala, naitulak ng mga pagsisikap sa pagbabakuna ang isang pagbuti sa mga inaasahan sa output, kung saan madalas na binabanggit ng mga respondent ang pag-asang bumalik sa normal sa paparating na taon.

Matindi ang inflation ng presyo ng input sa simula ng ikatlong quarter, at nakaapekto ito sa mga presyo. Ang mga kakulangan sa raw material at pagpapatong ng value added tax (VAT) sa ilang produkto ay ikinalaki ng mga gastusin. Dahil dito, patuloy na itinaas ng mga kumpanya ang kanilang mga presyo sa pagbebenta.

Bumagsak ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® sa 50.4 noong Hulyo mula sa 50.8 noong Hunyo na mas mataas sa 50.0 na threshold ng kawalan ng pagbabago na tumutukoy ng pagkakaiba ng expansion at contraction. Bahagya lang ang pinakabagong pagtaas, ngunit kahambing-hambing sa mga pagbagsak na nakita noong Abril at Mayo.


Nagpatuloy ang mga paghihigpit sa Pilipinas kaugnay ng virus, na nakaambag sa mahinang lokal na demand, at pag-aalanganing gumastos noong Hulyo sa pangkalahatan. Kaugnay nito, ang pagkaunti ng mga bagong order ay malawakang katulad ng nakita noong Hunyo, at bahagya lang sa pangkalahatan. Sa kabaligtaran, ang demand sa ibang bansa para sa mga produktong namanupaktura sa Pilipinas ay tumaas sa loob ng ikatlong magkakasunod na buwan, at katamtaman ang pagtaas na ito sa gitna ng mga pagbuti sa mga kundisyong ekonomiko sa buong mundo.

Bumagsak ang mga antas ng produksyon sa ikaapat na magkakasunod na buwan, bagama't mas mabilis lang nang kaunti sa nakita noong Hunyo. Ayon sa mga miyembro ng panel, nahirapan ang mga kumpanyang makakuha ng mga bagong order, na malawakang nauugnay sa pandemya at mahinang lokal na demand.

Nabawasan ang mga bilang ng mga manggagawa sa ikalabingpitong magkakasunod na buwan noong Hulyo. Iniuulat na madalas na hindi napapalitan ang mga boluntaryong bumibitiw sa trabaho, bagama't iniugnay ng ilang panellist ang pagbagsak ng employment sa mas mabababang antas ng output. Gayunpaman, ang pinakabagong pagbagsak ang pinakamahina magmula

*ipinagpatuloy...*

Philippines Manufacturing PMI  
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

### Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Shreeya Patel, na Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Bagama't muling nakapagtala ang sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas ng pagbuti sa mga kundisyon ng pagpapatakbo noong Hulyo, naipakita ng pinakabagong data na naapektuhan pa rin ng pandemya ang lokal na demand at mga antas ng produksyon. Samantala, nabawasan nang kaunti ang mga bilang ng kaso mula sa simula ng taon, ngunit malayo pa bago ito maging kontrolado at nagpapatuloy ang ilang paghihigpit dahil dito.

"Gayunpaman, nakalakas ng loob na ang mga pagsisikap sa pagbabakuna ay ikinaganda ng pananaw sa hinaharap, na nagtulak ng pagbili ng input at pagdami ng mga stock. Bahagya lang na bumagsak ang employment sa kabila ng mga patuloy na pagbagsak ng produksyon. Dagdag pa rito, batay sa mga pahayag, ang marami rito ay dahil sa hindi pagpapalit sa mga boluntaryong umaalis kaysa sa mga redundancy.

"Gayunpaman, dapat bumuti ang lokal na demand sa buong ikalawang kalahati ng taon para makatulong sa paglago ngayong 2021."

Marso, at bahagyang mas mababa lang sa 50.0 na nagpapahiwatig ng kawalan ng pagbabago.

Muling nakita ang mga senyales ng sobrang kapasidad noong Hulyo pagkatapos ng isa pang matinding pagkaunti ng mga backlog. Buwan-buwan nang bumabagsak ang mga hindi natapos na trabaho magmula Marso 2016.

Humantong sa isa pang kapansin-pansing paghaba ng mga lead time ng supplier ang pinagsamang mga kakulangan sa mga raw material at mga paghihigpit kaugnay ng virus. Buwan-buwan nang humihina ang performance ng vendor magmula Agosto 2019.

Bahagya lang na tumaas ang aktibidad ng pagbili noong Hulyo, kung saan nakita na ang paglago sa loob ng dalawang magkasunod na buwan. Samantala, sa gitna ng pag-asa sa mas malaking demand at mga pagsisikap na paghandaan ang anumang kakulangan sa hinaharap, bahagyang pinalaki ng mga kumpanya ang kanilang mga imbentaryo bago at pagkatapos ng produksyon.

Sa usapin ng presyo, nakadagdag sa mga presyo ng input noong Hulyo ang mas matataas na presyo para sa mga raw material at pagpapatong ng VAT sa ilang produkto. Mabilis ang inflation, sa kabila ng paghina sa ikatlong magkakasunod na buwan.

Katulad nito, tumaas ang mga factory-gate na presyo noong buwan, kung saan binigyang-pansin ng mga miyembro ng panel ang pagpasa ng ilan sa mas matataas na gastusin at ang pagpapatong ng VAT. Mas mabilis ang pagtaas kaysa sa matagal nang average ng serye, ngunit bumagal ito mula sa pinakamataas na naitala sa loob ng dalawa't kalahating taon noong Hunyo.


Sa pagtanaw sa hinaharap, bumuti ang pananaw hinggil sa mga inaasahan sa output sa susunod na 12 buwan sa pinakamataas na naitala sa loob ng apat na buwan. Madalas na nagbigay ng pag-asa ang programa ng pagbabakuna na babalik na sa normal ang mga sitwasyon sa susunod na taon. Binanggit din ng mga panellist ang mga paglulunsad ng bagong produkto, at pag-asang makabawi sa demand ng kliyente noong Hulyo.

PMI Output Index

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

Produksyon ng manufacturing

%yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

## Makipag-ugnayan

Shreeya Patel  
Economist  
IHS Markit  
T: +44 134 432 8196  
[shreeya.patel1@ihsmarkit.com](mailto:shreeya.patel1@ihsmarkit.com)

Joanna Vickers  
Corporate Communications  
IHS Markit  
T: +44 207 260 2234  
[joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com)

### Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebibis ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Ang data ng Hulyo 2021 ay nakolekta noong 12-23 Hulyo 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

### Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

### Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa [katerine.smith@ihsmarkit.com](mailto:katerine.smith@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

### Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.